

# HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 10 Blg. 50 April 13-19, 2026 P10.00



*Police Visibility at Disiplina, Pinalakas...*

# SAFER CITIES OPERATION INILATAG SA CAVITE *pahina 2*




Luzon Scientists, Leaders Convene for 2026 Regional Scientific Meeting- story p.7



DOST Ilocos Region Builds Disaster-Ready Workforce Through DRRM Capacity Building Activity- story p.5



Iprinisinta ni Gobernador Daniel R. Fernando, kasama ang Puno ng Provincial Social Welfare and Development Office na si Rowena J. Tiongson ang plake at sertipiko ng pagkilala sa unang Lunes ng Lingguhang Pagtaas ng Watawat sa Bulacan Capitol Gymnasium, Lungsod ng Malolos, Bulacan kamakailan matapos maparangalan ng Best Implementor for Population and Development Intergration sa ginanap na The Outstanding Population Structure (TOPS) Regional Awards noong Marso 19, 2026 sa Sacop Ephatha Development Center, Lungsod ng San Fernando, Pampanga. Kasama rin sa larawan sina (mula kaliwa) mga Bokal Renato DL. De Guzman, Jr., Fortunato SJ. Angeles, Commission on Population and Development (CPD) Region III Population Program Officer Bores N. Pitero, PSWDO Project Development Officer III Katherine G. Faustino, Bokal Romina D. Fermin, Panlalawigang Tagapangasiwa Antonia V. Constantino, Adolescent Health and Development (AFP) Component Person Aliza F. Martin, Responsible Parenthood and Family Planning (RFPF) Component Person Ellaine Garca, at Bokal Josef Andrew T. Mendoza.



KWF, NAGSAGAWA' NG TALAKAYAN PARA SA PAGDIRIWANG NG PAMBANSANG BUWAN NG KABABAIHAN- story p.4



ELAD STUDENTS WITH SPECIAL NEEDS VISITED THE PROVINCIAL GOVERNMENT OF CAVITE- story p.5

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

*Police Visibility at Disiplina, Pinalakas...*

## SAFER CITIES OPERATION INILATAG SA CAVITE

**INILATAG** ang sabayang pagpapatupad ng Safer Cities Initiative ng Department of the Interior and Local Government sa buong Cavite nitong gabi ng Abril 8.

Bahagi ito ng pinaigting na kampanya ng Philippine National Police upang mapanatili ang kaayusan at kaligtasan sa mga komunidad. Pinangunahan ito ni P/Col Ariel R. Red, Provincial Director ng Cavite PPO, kasama ang mga Provincial Staff Officers na nag-supervise sa bawat lungsod at munisipalidad.

Katuwang naman ang mga hepe ng pulisya mula sa iba't ibang police stations sa buong lalawigan upang masigurong maayos at sabay-sabay ang implementasyon ng programa. Tumulong din sa kapulisan ang mga opisyal ng barangay at ang Department of Social Welfare and Development lalo na sa mga sitwasyong may kinalaman sa mga menor de edad.

Bahagi ng operasyon ang mahigpit na pagpapatupad ng mga umiiral na lokal na ordinansa at kabilang na dito ang pagbabawal sa pag-inom sa tabing kalsada, paglabas nang walang damit na pang itaas, paggamit ng videoke na lampas alas-10 ng gabi, at ang pagala-galang mga kabataan sa dis-oras ng gabi.

Umabot sa 545 PNP personnel ang na-deploy sa buong Cavite, katuwang ang 743 force multipliers mula sa komunidad at barangay.

Layunin ng mataas na police visibility na mas maramdaman ng publiko ang presensya ng kapulisan at ang seguridad sa kanilang paligid.

"Gusto namin na maramdaman ng bawat Caviteño na sila ay ligtas. Hindi lang ito tungkol sa pagpapatupad ng batas, kundi sa pagbuo ng disiplina at malasakit sa isa't isa. Kapag may disiplina, mas nagiging maayos ang ating komunidad," pahayag ni ni P/Col Ariel R. Red.

Dagdag pa ng opisyal na mahalaga ang pakikiisa ng publiko upang maging epektibo ang ganitong operasyon.

"Hindi po ito kayang gawin ng kapulisan lamang. Kailangan po natin ang tulong ng bawat barangay at bawat mamamayan para mapanatili ang kaayusan," aniya.

Sinusulat ito ay wala pang inilalabas na kabuuang bilang ng mga nahuling violators at offenders mula sa nasabing operasyon gayunman ay patuloy ang monitoring at dokumentasyon ng mga ito.

Ang isinagawang Safer Cities Initiative sa Cavite ay bahagi ng mas malawak na

hakbang ng PNP na hindi lamang pababain ang krimen, kundi tiyakin na ang bawat mamamayan ay tunay na nakakaramdam ng kaligtasan sa kanilang komunidad.

## Pangulong Marcos tutugon sa mga suliraning administratibo at pinansyal ng LGUs

Nangako si Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. na tutugunan ang mga hamong kinakaharap ng mga local government units (LGUs), kabilang ang kakulangan sa kapasidad sa administrasyon, pananalapi, at teknikal na aspeto na nakaapekto sa kanilang serbisyo.

Sa panunumpa ng mga opisyal ng Vice Mayors' League of the Philippines sa Malacañang nitong Lunes, sinabi ng Pangulo na isinusulong ng pamahalaan ang pag-amyenda sa Local Government Code katuwang ang Union of Local Authorities of the Philippines, Department of the Interior and Local Government, at Department of Economy, Planning, and Development upang mapabuti ang pamamahala at pananagutan.

Sinabi ng Pangulo na batay sa datos, 29 percent lamang ng LGUs ang nakapasa sa Seal of Good Local Governance noong 2023, habang ang iba ay may kakulangan sa pamamahala ng pondo, kahandaan sa sakuna, at serbisyong panlipunan.

Inihayag din ng Pangulo na 64 percent ng LGUs noong 2021 ay umaasa sa National Tax Allotment (NTA), at 71 percent ng kanilang kita ay mula sa panlabas na pinagkukunan.

Binanggit din ng Pangulo na marami rin ang nahaharap sa problema sa digital governance gaya ng mahinang internet, kakulangan sa ICT, at hindi malinaw na paghahati ng tungkulin sa pagitan ng pambansa at lokal na pamahalaan.

Bilang tugon, pinapalakas ng administrasyon ang koordinasyon ng pambansa at lokal na pamahalaan at itinutulak ang digitalisasyon ng serbisyo sa pamamagitan ng Electronic LGU System (eLGS).

Kabilang sa mga hakbang ang pagpapatupad ng Automatic Income Classification of LGUs Act at pagpapalawak ng Local

**LIPA CITY, Batangas** – Umakyat sa 4.2 percent ang headline inflation sa rehiyon ng CALABARZON nitong Marso 2026, ayon sa ulat ni Philippine Statistics Authority (PSA) CALABARZON Regional

Government Support Fund sa ilalim ng programang "Sa Bagong Pilipinas, Bawat Bayan Makikinabang," upang pondohan ang mahahalagang proyekto tulad ng distribusyon ng bigas, imprastraktura sa kalusugan, at elektripikasyon sa kanayunan.

Maglalaan din ng tulong sa mga barangay sa pamamagitan ng Socio-Civic Projects Fund, kung saan bawat barangay ay makatatanggap ng tig-P100,000 na educational grant at kaparehong halaga para sa mga proyektong pang-imprastraktura.

"This will equip LGUs with the tools, the resources, and the clarity of mandate that they need to serve effectively," ayon sa Pangulo.

(Ang mga hakbang na ito ay magbibigay sa LGUs ng sapat na kakayahan, pondo, at malinaw na mandato upang mas mapahusay ang kanilang serbisyo)

"More importantly, they are designed to unlock the full potential of LGUs: make you more self-reliant, make you more responsive, and more competitive," dagdag ng Pangulo.

(Pinakamahalaga sa lahat, ang mga inisyatibang ito ay dinisensyo upang buksan ang potensyal ng lokal na pamahalaan para maging mas episyente, matatag, at kompetitibo)

Iinatag noong 1988, ang Vice Mayors' League of the Philippines (VMLP) na binubuo ng 1,634 na kasaping LGU ay isang organisasyon ng lahat ng mga bise alkalde sa bansa.

Pangunahing tungkulin nito ang makipagtulungan sa pambansa, lokal, at pandaigdigang mga katuwang upang maisulong ang epektibong lokal na batas, bumuo ng mga programa para sa pagpapalakas ng kakayahan sa paggawa ng batas, at itaguyod ang lokal na otonomiya. | **PN**

## Inflation sa CALABARZON, umakyat sa 4.2 percent nitong Marso 2026

Director Charito C. Armonia sa ginanap na press conference nitong Huwebes, ika-08 ng Abril taong kasalukuyan.

Ito ay mas mataas kumpara sa inflation ng rehiyon noong Pebrero 2026 na nasa 2.4 percent at 1.8 percent noong Marso 2025. Sa kasalukuyan, ang average inflation mula Enero hanggang Marso 2026 ay nasa antas na 3.0 percent. Ang pangunahing dahilan ng mas mabilis na pagtaas sa pangkalahatang presyo ng mga kalakal at serbisyo sa rehiyon nitong Marso 2026 kumpara noong Pebrero 2026 ay ang mas mabilis na pagtaas ng presyo ng Transport na may 8.0 percent inflation. Ito ay nakapag-ambag ng 49.0 percent share sa pagtaas ng pangkalahatang inflation sa rehiyon.

Sinundan ito ng Housing, Water, Electricity, Gas and Other Fuels na may 5.6 percent inflation at Food and Non-Alcoholic Beverages na may 1.9 percent inflation.

Sa mga pangkat ng pagkain sa CALABARZON, nagpakita ng mas mabilis na pagtaas ng presyo ang Flour, Bread and Other Bakery Products, Pasta Products, and Other Cereals, na may 3.6 percent inflation; Milk, other dairy products and eggs, na may 2.0 percent inflation, partikular dito ang powdered milk; Fruits and nuts, na may 4.5 percent inflation, tulad ng saging; Sugar, Confectionery and Desserts na may 1.1 percent inflation, partikular ang peanut butter; at Ready-Made Food and Other Food Products not elsewhere classified na may 2.4 percent inflation, gaya ng infant formula.

Nagtala naman ng pagtaas ng presyo nitong Marso 2026 mula sa pagbaba noong Pebrero 2026 ang Bigas, na may 2.7 percent inflation. Sa kabilang banda, mas mabagal ang pagtaas ng presyo sa ilang bilihin tulad ng Mais (0.6 percent); Fish and Other Seafood (5.9 percent), partikular dito ang galunggong; at Oils and Fats (12.4 percent).

Nagtala naman ng pagbaba ng presyo nitong Marso 2026 mula sa pagtaas noong Pebrero 2026 ang Vegetables, Tubers, Cooking Bananas at iba pa, na may -0.4 percent inflation, partikular dito ang talong. Gayundin, nagtala ng mas mabilis na pagbaba ng presyo nitong Marso 2026 ang Meat and Other Parts of Slaughtered Land Animals, na may -3.6 percent inflation, tulad ng karne ng baboy.

Sa mga lalawigan at Highly Urbanized City (HUC) sa CALABARZON, lahat ay

## Operation Tuli serves 101 young boys in the City of General Trias

A successful run of the PGC's Operation Tuli program was conducted on April 6, at Barangay Manggahan, City of General Trias, providing essential medical services to young male beneficiaries in the community.

A total of 101 patients safely underwent circumcision, performed by skilled and dedicated medical professionals from the Office of the Provincial Health Officer (OPHO), General Trias Rural Health Unit, and interns from the Cavite State University College of Medicine. The collaborative effort ensured that all procedures were carried out efficiently,

following proper medical standards and protocols.

The activity was also graced by 6th District Board Member Kerby Salazar, who showed support for the initiative and emphasized the importance of accessible healthcare services at the community level.

The Operation Tuli program not only promoted proper hygiene and preventive healthcare among young boys but also reflected the continued commitment of local health authorities and partners in delivering quality and compassionate medical services to the people. — **OPIO**

## 57 Interns Oriented for Government Internship Program in Cavite

The Provincial Government of Cavite through the Office of the Provincial Public Employment Service Manager, in partnership with the Department of Labor and Employment (DOLE), successfully conducted the Government Internship Program (GIP) Orientation on April 6, at the New Provincial Government Center in Trece Martires City.

A total of 57 government interns participated in the orientation and are set to be deployed across various local government units in the province, including the Provincial Government of Cavite, the cities of Trece Martires and Tagaytay City, and the municipalities of Mendez, Maragondon, Noveleta, Magallanes, Tanza, Indang, and Naic. The orientation aimed

to familiarize the interns with their roles, responsibilities, and the work environment within government offices. It also highlighted the importance of professionalism, public service, and adherence to ethical standards as they begin their internship journey.

The Government Internship Program (GIP) is a component of DOLE's youth employment initiatives designed to provide opportunities for young individuals to gain meaningful work experience in government agencies. Through the program, interns are exposed to actual workplace settings where they can develop their skills, enhance their employability, and gain a deeper understanding of public service. The GIP also serves as a bridge for fresh graduates and out-of-school youth to transition into the workforce while contributing to nation-building.

The Provincial Government of Cavite expressed its continued support for programs that empower the youth and create employment opportunities, reinforcing its commitment to developing a competent and service-oriented workforce for the future. — **OPIO**

nakapagtala ng mas mataas na inflation rates noong buwan ng Marso 2026 kumpara sa inflation rates noong Pebrero 2026: Laguna (5.6 percent); Rizal (5.3 percent); Cavite (3.6 percent); City of Lucena (3.3 percent); Batangas (2.7 percent); at Quezon (2.5 percent). Samantala, naitala sa 75 sentimo nitong Marso 2026 ang purchasing power of peso (PPP) o halaga ng piso kumpara sa halaga nito noong 2018.

# Editorial

## Doble, triple na pagsirit ng gastos

**NAGKARON** ng dayalogo ang Department of Agriculture sa pamamagitan ni Secretary Francisco Tiu Laurel, Jr. sa hanay ng mga kababayan nating magsasaka sa Benguet. Nabanggit ng mga magsasaka na naging doble ang kanilang gastos dahil ang dating dalawang toneladang truck na nasa P4,000 ang halaga ng gas ay pumalo na sa P8,000. Kung doble ang sa hanay ng mga magsasaka ay halos triple naman ang pagsirit ng gastos sa panig ng asosasyon ng mga truckers. Kung dati na P15,000 kada biya-

he na gastos ay umakyat na sa P35,000 mula sa La Trinidad Trading Centers hanggang sa mga merkado ng Kalakhang Maynila. Sa ganitong pagsirit ng doble at trip-lenggatosaymgamamimilinamanang papasan sa dagdag-presyo ng mga gulay na ibinagsak sa mga pamilihan. Ang fuel subsidy na nakalaan sa trucker's association ay upang hindi mahinto ang delivery ng mga raw materials na nanggaling sa mga bukirin o sakahan patungo ng mga pamilihan sa Metro Manila. Sa hangaring mabawasan naman ang gastos ng mga magsasaka sa gasolina ay ang pagtalaga ng kagawaran ng mga trak sa pakikipagtungulan sa mga lokal na pamahalaan para sa paghahango ng mga gulay hanggang sa tinatawag na bagsakan.

## Mula sa munting negosyo tungo sa mas higit pa

"Hindi ka dapat umasa sa isang negosyo lang, para kung humina ang isa, may pagkukuhanan ka pa ng pang-araw-araw ninyo", saad ni Melca Ombion, isang 54 taong gulang na ina mula sa Palawan.

Ang karanasan ni Melca sa pagtatrabaho sa hardware at botika noong kaniyang kabataan ang nagsilbing pundasyon para sa kaniyang mga itinayong negosyo.

Kapanapanabik na simula Binuksan niya ang kaniyang sari-sari store noong 1999. Isa siya sa mga pinakaunang negosyante na nagbukas ng tindahan sa kanilang lugar kaya naman mabilis siyang nakakuha ng mga suki na naging dahilan ng mabilis na paglago ng kaniyang negosyo. Sa paglipas ng panahon, marami man ang naging kakumpitensya, hindi siya nagpatinag at nanatiling pokus sa kaniyang negosyo. Kinalaunan, karamihan sa ibang tindahan ay nagsara habang ang kaniya ay patuloy na lumago, kaya't ito ay naging isa sa pinakamatagal at pinakamatatag na tindahan sa kanilang lugar.

Kilala si Melca sa pagiging masipag at matiyaga. Sa katunayan, ang pagiging abala ay nagbibigay sa kaniya ng sigla. Sa halip na magpahinga, ang pagnanais na makapagpatayo ng mas marami pang negosyo ang nagsilbing inspirasyon upang lalo siyang magsumikap. Determinado, nagbukas siya ng barbershop.

Habang namamahala sa kaniyang mga negosyo,

naglaan din siya ng oras sa pag-aalaga ng manok at baboy.

Ginawa ni Melca ang lahat ng ito upang masustentuhan ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan at para sa kaniyang anak na nag-aaral sa Iloilo. Hindi nagtagal, nagbunga ang lahat ng kaniyang pagod nang makatapos ang kaniyang anak sa kolehiyo.

Maraming tao ang nagpayo sa kaniya na huwag magmadali, lalo na at may trabaho naman na ang kaniyang anak. Ngunit para sa kanya, hangga't kaya niya, siya ay patuloy na kakayod. Naniniwala siya na habang bata pa at malakas ay kailangan mong mag-ipon at magpundar, para sa iyong pagtanda ay mayroon kang aanihin.

Marami mang tagumpay, may pagkakataon din na sinubok siya ng panahon. Noong pandemya taong 2020 ay napilitan siyang isara pansamantala ang kaniyang barbershop. Nang muli niya itong buksan, naging matumal ang negosyo kaya napilitan siyang paupahan ito sa iba noong 2025.

Pagkakaroon ng karagdagan kapital

Upang madagdagan ang puhunan para sa kaniyang sari-sari store, humiram ng loan si Melca sa CARD SME Bank, isang thrift bank sa ilalim ng CARD Mutually Reinforcing Institution (CARD MRI). Taong 2014, nahikayat siyang sumali dahil sa mababang loan interes dito.

Sa kasalukuyan, mayroon siyang loan na nagkakahalaga

ng PHP 500,000.00, na ginamit niya bilang kapital para sa kaniyang tindahan at para suportahan ang kaniyang gampanin bilang isang konek2CARD agent. Tungkulin niyang matulungan ang mga kliyente na mag-cash in, mag-cash out, at magbayad ng loan sa pamamagitan ng mobile banking application, na hindi na kinakailangang magpunta sa bangko.

Sa mga susunod pang taon, nais niyang palawakin ang kaniyang negosyo sa agrikultura. Pangarap din niyang magbukas ng botika, lalo na at isang pharmacist ang kaniyang anak sa Palawan. Patuloy na sinisikap ni Melca na masiguro na ang kaniyang oras at resources ay magamit niya nang maayos at hindi masayang.



Tinitiyak ni Melca Ombion na ang kaniyang sari-sari store ay may sapat at iba't ibang uri ng mga produkto upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan ng mga mamimili.

# Kalibre

Romy Santos  
0977-7844136

## Bawal na?

**NAGSAGAWA** ng press briefing ang Department of the Interior and Local Government sa pangunguna ng kalihim nito na si Juanito Victor 'Jonvic' Remulla nitong Abril 6 sa Lungsod Quezon kasama ang ilang matataas na opisyal ng Philippine National Police.

Kabilang sa mga anunsuyo ay ang tungkol sa pag-iinom ng alak sa mga pampublikong o lansangan kahit sa tabi ng kalsada.

Ang paggamit ng videoke na hindi lalagpas sa ikasampu o alas-diyes ng gabi.

Binanggit din ang paghuhubad o ang hindi pagsusuot ng pang-itaas na damit sa labas o lansangan.

Kasama syempre ang curfew hours para sa mga menor de edad o nasa edad 18 pababa na dapat ay hindi na makikita sa mga lansangan paglagpas ng alas-diyes ng gabi.

Tulad ng inasahan ay ang magkakaibang pahayag o komento ng taumbayan partikular na makikita at mababasa sa social media. Ang mga nabanggit ay matagal ng ipinagbabawal at may kaukulang kaparusahan sa paglabag sa mga ito.

Kung inyong napanood at

napakinggan ang pahayag o pagsasalita ni Secretary Remulla sa press briefing ay tila hindi akma ang pagsasabi ng 'bawal na.'

Sabi nga natin ay matagal ng ipinagbabawal ang mga ito kaya bakit ang salita o pahayag ay bawal na?

Mukhang ang nararapat na paglalahad o pagsasabi ay dodoblehin o mas palalakasin pa ng kapulisan ang kampanya laban sa mga nabanggit.

Isa pa, dapat ay nationwide o buong bansa ang implementasyon at hindi sa Kalakhang Maynila lamang. Kumbaga ay sabay ang pagpapatupad ng mga ito na walang inuunang area o lugar.

Anyway, magandang nabuksan muli ang ganitong paksa dahil kung magiging epektibo ang pagpapatupad ng pulisya sa mga ito ay taumbayan ang magbebenepisyo kaya dapat ay sa buong bansa ang implementasyon.

Anyway, magandang nabuksan muli ang ganitong paksa dahil kung magiging epektibo ang pagpapatupad ng pulisya sa mga ito ay taumbayan ang magbebenepisyo kaya dapat ay sa buong bansa ang implementasyon.

# HANEP

Basahin Mo Ito!

**ROMEO S. SANTOS**  
Publisher/Editor-in-Chief


**JUNE K. BILLONES**  
Managing Editor

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng **HANEP Publication** na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite  
**Contact#:** 0977-7844136/09687122927  
**Website:** <https://hanep.net>

**Email:** ronejed@yahoo.com/ haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA:** Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: **Publishers Association of the Philippines, Inc.**



### ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - P200/col.cm  
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

## KWF, NAGSAGAWA NG TALAKAYAN PARA SA PAGDIRIWANG NG PAMBANSANG BUWAN NG KABABAIHAN

Nagsagawa ng isang mahalagang talakayan ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) hinggil sa "Pag-unawa sa Kalusugang Pangkaisipan at Pangangalaga sa Sarili sa Konteksto ng Kababaihan at Kasarian" noong 24 Marso 2026 sa Bulwagang Romualdez, KWF.

Tinalakay ito ng tagapanayam na si Bb. Anna Myrishia R. Villanueva, RGC, isang Guidance Services

Specialist II mula sa UP Diliman Gender Office. Aktibong nakinig at lumahok ang mga kawani ng KWF sa pangunguna ni Tagapangulong Atty. Marites A. Barrios-Taran na nagbigay rin ng mensahe hinggil sa kahalagahan ng isinagawang talakayan. Ang gawaing ito ay bahagi ng taunang pakikiisa ng KWF sa pagtataguyod ng karapatan at kapakanan ng mga kababaihan sa buong bansa.

## MWP, timbog sa Carmona

**TIMBOG** ang isang Most Wanted Person (MWP) na nakalista sa Provincial Level matapos silbihan ng kapulisan ng warrant of arrest kamakailan sa Carmona, Cavite.

Ang akusadong si alyas Matilde, na residente ng Carmona, ay nadakip dakong alas-4:00 ng hapon nitong Abril 6. Isinagawa ang service of warrant of arrest ng mga operatiba ng Warrant

Section ng Carmona Component City Police Station katuwang ang RIT Cavite, RID 4A at F2-401st AMC, RMFB 4A. Isinagawa ang pag-aresto sa bisa ng warrant of arrest para sa kasong Estafa (3 Counts) na inilabas ng Regional Trial Court, Branch 19, Bacoor City, Cavite, noong Pebrero 14, 2000, na may kabuuang pyansa na P180,000.00.

## Wanted sa Region 4A, natiklo sa Alfonso

**NATIKLO** ang isang Regional Level Most Wanted Person sa isinagawang manhunt operation ng pulisya kamakailan sa Alfonso, Cavite.

Ang akusadong si alyas Romeo, na residente ng Alfonso, ay inaresto sa bisa ng warrant of arrest para sa kasong Serious Illegal Detention.

Nabatid na ang warrant ay inilabas ng Fourth Judicial Region, Branch 134, City of Tagaytay, Cavite, noong Hunyo 5, 2024 na walang piyansang inirekomenda. Ang matagumpay na pagkakaaresto ay isinagawa ng mga tauhan ng Alfonso Municipal Police Station dakong alas-2:00 ng tanghali nitong Abril 6.

## Kelot, huli sa buy-bust; 'bato, boga' nakuha

**HULI** ang isang lalaki sa ikinasang buy-bust operation ng kapulisan na bukod sa droga ay nakuhanan pa ng baril kamakailan sa Alfonso, Cavite.

Nakilala ang suspek na si alyas Fernan, 44, at kasalukuyang naninirahan sa Alfonso. Ang matagumpay na operasyon ay isinagawa ng mga tauhan ng Alfonso Municipal Police Station nitong Abril 5 ng hapon. Nasamsam ng mga

awtoridad ang dalawang pakete na naglalaman ng hinihinalang shabu na may timbang na higit o kulang 0.15 gramo, may tinatayang halaga na P1,080, isang piraso ng cal. 38 revolver (walang serial number), tatlong piraso ng bala ng caliber 38 revolver, isang piraso ng limang daang piso (P500) na ginamit bilang buy-bust money, isang unit ng Infinix cellphone at isang piraso ng belt bag.

## SAMA-SAMANG AKSYON PARA SA KALIKASAN: OVP-EVSO, NAKIISA SA CLEAN-UP DRIVE SA LEYTE

Nakiisa ang OVP - Eastern Visayas Satellite Office (OVP-EVSO) sa isinagawang clean-up drive sa Embarcadero River, Brgy. Buntay, Tanauan, Leyte bilang bahagi ng pagdiriwang ng World Water Day 2026 na may temang "Isang Agos para sa Karapatan at Pagkakapantay-Pantay" noong Marso 20, 2026.

Layunin ng aktibidad na palakasin ang kamalayan ng publiko sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan at hikayatin ang sama-samang pagkilos para sa proteksyon ng ating mga baybayin, ilog, at yamang-dagat. Isinagawa ito sa pakikipagtutulongan ng DENR-CENRO Palo at MENRO Tanauan, katuwang ang Tanauan Municipal Fire Station, PNP Tanauan, mga opisyal ng Brgy. San Roque at Brgy. Buntay, at ang lokal na pamahalaan ng Tanauan. Sa pamamagitan ng pagtutulongan ng iba't ibang sektor, naging matagumpay ang aktibidad

na nagpakita ng malasakit at responsibilidad para sa kapaligiran.

Ipinapakita ng ganitong inisyatibo ang kahalagahan

ng pagkakaisa, aktibong partisipasyon ng komunidad, at tuloy-tuloy na pagkilos upang mapanatili ang ating likas

na yaman para sa susunod na henerasyon.

Sama-sama para sa malinis na tubig at ligtas na kinabukasan! (OVP)

## PAGBABAGO BAGS DISTRIBUTION NG OVP SA PROBINSYA NG ROMBLON

Tinungo ng mga kawani ng Office of the Vice President (OVP) ang probinsya ng Romblon upang ihatid sa mga mag-aaral ang PagbaBAGo Campaign ng opisina. Ang nasabing aktibidad ay bahagi ng programang PagbaBAGo: A Million Learners Campaign na layuning makapamahagi ng isang milyong bags sa buong bansa bago matapos ang taong 2028.

Kabilang sa mga paaralang binisita ng mga kawani ang Agbayang Elementary School, Bagsik Elementary School, Punta Elementary School, at Alcantara Central Elementary School. Sa kabuuan, limang daan at limampu't siyam (559) na mag-aaral ang nakatanggap ng

PagbaBAGo bags mula sa Tanggapan. Ang bawat bag ay naglalaman ng mga pangunahing school supplies, dental kits, at raincoat na makatutulong sa araw-araw na pangangailangan ng mga bata sa kanilang pag-aaral. Patuloy ang OVP sa pagpapatupad ng mga programang nakatuon sa

edukasyon at kapakanan ng kabataan sa iba't ibang panig ng bansa. Sa pamamagitan ng PagbaBAGo Campaign, ipinapakita ng tanggapan ang kanilang pangako na maabot ang mas maraming mag-aaral, lalo na sa mga malalayong lugar na higit na nangangailangan ng suporta. (OVP)

## Sangkot sa holdapan 'himas-rehas'

**HIMAS-rehas** ang isang lalaki na umano'y nasangkot sa holdapan matapos ang mabilis na aksiyon ng kapulisan kamakailan sa Tanza, Cavite.

Kinilala ang naarestong suspek na si alyas John, residente ng Tanza. Nabatid na ang robbery incident ay naganap dakong alas-3:00 ng hapon nitong Abril 6 at ito ay naiulat sa himpilan ng pulisya bandang alas-9:25 ng gabi ng nasabing petsa. Nagtungo sa himpilan ng pulisya ang mga biktima at iniulat ang ang naganap na insidente.

Habang nasa loob umano ng kanilang tindahan ang mga biktima ay dumating ang dalawang suspek at nagpanggap na mga kostumer.

Kasunod ay ang biglang pagbunot ng hindi pa matukoy na kalibre ng

baril ng isa sa mga suspek at nagdeklara ng holdap. Tinangay umano ng mga suspek ang halagang P7,000.00 na kita sa tindahan na pag-aari ng unang complainant, gayundin ang isang cellphone at humigit-kumulang P2,500.00 na cash mula sa ikalawang biktima at agad na tumakas ang mga ito lulan ng isang pulang motorsiklo.

Mabilis na rumesponde ang mga tauhan ng Tanza Municipal Police Station matapos matanggap ang ulat at nagsagawa ng follow-up operation na nagresulta sa pagkakaaresto ng isa sa mga suspek sa tulong ng isang tricycle driver na siyang nasakyan ng mga suspek.

Sinusulat ito ay patuloy ang manhunt operation laban sa dalawa pang suspek.

## 2 holdaper 'nakorner

**ARESTADO** ang dalawang holdaper na nambiktima sa gasolinahan matapos ang matagumpay na hot pursuit operation ng kapulisan kamakailan sa General Emilio Aguinaldo, Cavite.

Kinilala ang dalawang suspek sa mga alyas na Emil, 21, residente ng Ternate; at Eman, 17, naninirahan sa Naic.

Nabatid na dakong alas-7:30 ng gabi nitong Abril 6 naganap ang insidente ng holdap sa isang gasoline station sa Gen. Emilio Aguinaldo, at natangay sa biktima ang ng dalawang suspek na tumakas sakay ng itim na Honda Click motorcycle patungong Alfonso.

Naglunsad naman agad ng operasyon ang General Emilio Aguinaldo Municipal Police Station at kalaunan ay namataan ang mga suspek sa kahabaan ng Alfonso Road na humantong sa paghahabulan.

Sa pagtugis ay bumunot ng baril ang back rider at tinangkang barilin ang

mga tumutugis na pulis na napilitang ipagtanggol ang kanilang sarili.

Nagtamo ng tama ng bala ng baril ang armadong suspek ngunit nakaligtas sa engkwentro at agad na dinala sa Mendez Specialist Hospital para malapatan ng lunas habang umiwas sa pagkakaaresto ang kanyang kasabwat.

Narekober sa pinangyarihan ang isang 12-gauge single-shot shotgun na may isang cartridge, ang getaway motorcycle, dalawang cellular phone, kitchen knife, at cash na nagkakahalaga ng P33,420.00.

Kasunod ng tuluy-tuloy na follow-up operations ay nahuli naman ang pangalawang suspek dakong alas-7:20 ng umaga nitong Abril 7 sa Alfonso. Nakuha ng mga awtoridad ang karagdangang PhP66,520.00 mula sa pag-iingat nito kaya umabot sa P99,940.00 ang kabuuang halaga ng nabawing salapi.

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE WITH WAIVER OF RIGHTS

**NOTICE** is hereby given that the estate of the late **LEO CARLO C. ABULOC JR.** a resident of **B11 L27 PH3 Marycris Homes, Bucandala III, Imus City, Cavite 4104**, died on **August 15, 2025 at Las Pinas General Hospital**, the deceased was the registered owner of one (1) unit of motorcycle with the following details:

- Brand: Honda
- Model: Honda Click 125i
- Plate Number: 744DQP
- MV File No.:0401-00000847571
- Engine Number: JA46E7009848
- Chassis No: MH1JA4673JK009952

was extrajudicially settled by the surviving legal heirs, executed before Notary Public Atty. Kristofferson M. De Leon as per Doc No. 78; Page 17; Book XIV; Series of 2026.

**Publication: HANEP** March 30, April 6 & 13, 2026

## ELAD STUDENTS WITH SPECIAL NEEDS VISITED THE PROVINCIAL GOVERNMENT OF CAVITE

Fostering a shared commitment to an inclusive society and strengthened community engagement, the Provincial Government of Cavite, through the Provincial Library and the Office of the Provincial Persons with Disability Affairs Officer, warmly welcomed students with special needs from ELAD School of Potentials Therapy and Educational Center to the New Provincial Government Center for a day of learning and meaningful interaction on March 30, 2026. During the Community Integration Activity, the delegation had the opportunity to explore the offices and facilities within the New Provincial Government Center complex with the assistance from the Office of the Provincial Tourism Officer.

Afterwards, the group proceeded to the Provincial Library for an engaging and empowering series of interactive activities. The Provincial Information and Communications Technology Office assisted in facilitating dance and coloring sessions and introduced computer games suitable for the students. The activities continued with a storytelling session led by 5th District Board Member Ivey Jayne Reyes, where the students actively and enthusiastically participated. The visit served as a testament to the strong collaboration between the Provincial Government of Cavite and its stakeholders in promoting an inclusive society – one that upholds equal opportunities and ensures that no one is left behind. — **OPIO**

## DOST Ilocos Region Builds Disaster-Ready Workforce Through DRRM Capacity Building Activity

In line with the celebration of Women's Month and Fire Prevention Month, the Department of Science and Technology Ilocos Region (DOST Ilocos Region), through the leadership of Regional Director Teresita A. Tabaog, successfully conducted a Capacity Building Activity on Disaster Risk Reduction and Management (DRRM) and Disaster Preparedness on March 31, 2026, at the DOST Ilocos Region Multipurpose Hall in City of San Fernando, La Union. The activity brought together the DOST workforce from regional and provincial offices to strengthen their readiness in responding to disasters and emergencies. The morning session opened with Mr. Michael John C. Maquiling, who provided an in-depth overview of the Philippine DRRM System, emphasizing its framework, key pillars, and the roles of various agencies. He highlighted DOST's critical role in delivering science-based solutions and technologies to enhance disaster preparedness and response. Mr.

Maquiling also guided participants through the Public Service Continuity Plan (PSCP), ensuring that essential operations can be maintained during emergencies. Following this, Mr. Edrussell S. Castillo introduced the DOST workforce to various DRRM technologies, including Hazard Hunter PH, Geo Analyticals PH, PANAHON, and the SOLIDODRRM Knowledge Hub. He also presented the newly launched HANDA Integrated Platform, designed to provide accessible, integrated digital solutions for effective disaster risk management. The afternoon session focused on fire safety, led by SFO1 Al Zandrick Macuroy of the Bureau of Fire Protection – San Fernando City, La Union, together with FO1 John Samuel L. Olbinado. They delivered a lecture on Fire Safety and Basic Fire Response in the Workplace, equipping the workforce with essential knowledge on fire prevention, proper response, and workplace safety protocols.

## Cavite champions inclusivity at 22nd Women with Disabilities Day celebration

The Provincial Government of Cavite, through the Office of the Provincial Persons with Disability Affairs Officer (OPPDO), successfully held a meaningful celebration of the 22nd Women with Disabilities Day on March 30, at the New Provincial Government Center in Trece Martires City. Anchored on the theme "Landas ng Makabagong Babaylan: Pantay, Inklusibo, at Lahat May Kakayahan," the event brought together women with disabilities, key government agencies, and development partners to promote gender equality, inclusivity, and empowerment for persons with disabilities (PWDs). The program opened with welcome remarks from the Provincial Administrator,

Engr. Gilbert V. Gandia and a special message from Board Member Rommel Enriquez, Committee Chairperson on Social Services, Women, Children and Elderly, who reaffirmed the province's commitment to inclusive governance. A message of support was also shared by former National Council on Disability Affairs (NCDA) Executive Director Ms. Carmen Reyes-Zubiaga. A major highlight of the event was the presentation of programs and services from partner agencies, including DSWD Region IV-A, TESDA Cavite, PhilHealth, and various provincial offices such as the Office of the Provincial Social Welfare and Development Officer, Office of the Provincial Health Officer, and other service units. These presentations provided participants with valuable information on accessible

services, health programs, livelihood opportunities, and social protection initiatives for PWDs. In addition, the Office of the Provincial Cooperatives Development Officer, OPG-Office of the Provincial Public Employment Service Manager, Office of the Provincial Agriculturist, Office of the Provincial Legal Officer, and Office of the Provincial Population Officer provided booths showcasing their programs and services, allowing participants to directly engage with agencies and learn more about available support. The afternoon session featured an informal group

